




Matuto nang higit pa tungkol sa Highway 99 Tunnel Program at magrehistro para sa newsletter:

highway99tunnel.ca

Bisitahin ang opisina ng komunidad

5180 Ladner Trunk Rd, Delta
Miyerkules at Huwebes
9:00 ng umaga hanggang alas 5:00 ng hapon




Highway 99 Tunnel Program

Pinapahusay namin ang Highway 99 sa Richmond at Delta upang magbigay ng mas mabuting mga opsiyon sa paglalakbay para sa lahat—naglalakad ka man, nagbibisikleta, nakasakay o nagmamaneho.

Mga Tampok ng Bagong Lagusan

Ang Highway 99 ay isang mahalagang koneksyon para sa mga komunidad sa magkabilang panig ng Fraser River at isang mahalagang internasyunal na ruta ng pangkalakal. Binuksan noong 1959 bilang isang tawiran na sasakyan lamang, ang umiiral na apat na daanan na George Massey Tunnel ay hindi na nakakatugon sa mga pangangailangan ng rehiyon o mga modernong seismic na pamantayan.

- > Ang bagong toll-free, walong daanang nakalubog na tube tunnel ay may kasamang tatlong daanan ng sasakyan sa bawat direksyon
- > Mga nakalaan ng mga daanan para lamang sa bus sa bawat direksyon na maaaring suportahan ang mabilis at madalas na mabilisang bus na sasakyan
- > Isang hiwalay na maramihang gamit na daanan para sa mga pedestrian at mga siklista na kumokonekta sa mga umiiral na mga network sa Richmond, Deas Island at Delta
- > Mas malapad at mas mataas na daanan sa paglalakbay, at gilid ng daan, upang gawing mas ligtas at kumportable ang pagmamaneho
- > Mga modernong pamantayan sa kaligtasan at seismic
- > Mga pagpapahusay sa Highway 99 na magbibigay-daan sa mga sasakyan na bumiyahen sa bilis na humigit-kumulang 80 kilometro/oras sa kahabaan ng koridor



Paggawa sa bagong Lagusan sa Fraser River





Ang Plano

Ang Pamahalaan ng B.C. ay sumusulong sa pagpapalit ng George Massey Tunnel upang gawing mas mabilis at mas maaasahan ang iyong paglalakbay. Ang bagong walong daanan ng tunnel ay nasa 40 metro sa itaas ng umiiral na tunnel, na mananatiling bukas hanggang sa ang bagong tunnel ay handa.



1 HAKBANG

Ang mga elemento ng tunnel ay gagawin sa Deas Island upang isulong ang kahusayan at bawasan ang trapiko sa konstruksyon sa rehiyon.




2 HAKBANG

Ang mga elemento ng tunnel ay itatagi hanggang sa ang ilog ay handa na para sa kanila, at kapag handa na, gagabayan ng mga tugboat ang bawat elemento sa posisyon.




3 HAKBANG

Ang mga kable na sumasaklaw sa ilog ay itatatag ang mga elemento ng tunnel bago ito maingat na ibaba sa lugar. Ang prosesong ito ay tinatawag na immersion (paglulubog).




4 HAKBANG

Habang itinatayo ang mga elemento ng tunnel, ang isang makina ay naghuhukay ng kanal sa ilalim ng ilog. Ang kanal ay inihanda para sa isang elemento na ibababa sa lugar sa loob nito.




5 HAKBANG

Ang mga espesyal na tangke sa loob ng mga elemento ng tunnel ay pinupuno ng tubig upang makatulong na ibaba ang elemento sa lugar.




6 HAKBANG

Kapag nailagay na ang elemento ng tunnel, idinadagdag ang graba sa mga gilid upang maitatag ito.



7 HAKBANG

Ang malalaking bato ay inilalagay sa ibabaw ng mga elemento ng tunnel upang maprotektahan ang mga ito sa hinaharap. Ang proseso ng paglulubog ay inuulit ng anim na beses upang ibaba ang bawat elemento.



8 HAKBANG

Kapag nakumpleto na, ang bagong tunnel ay magpapahusay sa daloy ng trapiko at paggamit ng mga sasakyang pang-emerhensiya. Ang mga nakalaang daanan ng bus ay gagawing mas mabilis at mas maaasahan ang mga biyahe ng transit. Kasama rin sa tunnel ang opsyong maglakad o magbisikleta sa tawiran na ito sa unang pagkakataon.

Ang Sukat

Ang bagong tunnel ay gagawin ng anim na elemento ng tunnel. Ang bawat elemento ay tumitimbang ng humigit-kumulang 60,000 tonelada at magiging 130 x 45 metro o halos kasing laki ng isang football field.

